Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7,4

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG MARSO 16, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano | ......... | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes | ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 083-T2009**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 14-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTO ANGEL NORTE NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAAN LIMAMPU'T TATLONG LIBO TATLUMPU'T ANIM NA PISO AT TATLUMPU'T LIMANG SENTIMOS (P253,036.35) MULA SA SURPLUS NG TAONG 2008 NA MAY KABUUANG HALAGANG P292,657.01 UPANG ILAAN SA PAGPAPATULOY NG FEEDING PROGRAM SA MGA BATANG MALNOURISHED (P15,000.00), MENTINANSYA NG PAILAW SA KAHABAAN NG LANSANGAN (P10,000.00), PAGMIMINTENA NG BARANGAY SERVICE PATROL (P10,000.00) AT KALOOB AT TULONG PARA SA PAMILYANG NABIBILANG SA MAHIHIRAP (P16,238.04) PARA SA 20% DEVELOPMENT FUND; SK UNIFORMS (P5,838.22) AT HEALTH SERVICES AND ADOLESCENT REPRODUCTIVE PROGRAMS (10,000.00) PARA SA 10 % SANGGUNIANG KABATAAN; ANNUAL LEAVE BENEFITS (P70,960.09), BARANGAY ASSEMBLY (P5,000.00), ELECTRICITY EXPENSES (P50,000.00), OFFICE SUPPLIES EXPENSES (P7,000.00), ACCOUNTABLE FORMS EXPENSES (P3,000.00) AT MILITARY AND POLICE EQUIPMENT (P20,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 16-T2009/Kautusan sa Paglalaan Blg. 14-T2009 ng Sang. Brgy. ng Santo Angel Norte na nagkakahalaga ng P253,036.35 mula sa Surplus ng taong 2008 na may kabuuang halagang P292,657.01 upang ilaan sa pagpapatuloy ng Feeding Program sa mga batang malnourished (P15,000.00), Mentinansya ng pailaw sa kahabaan ng lansangan (P10,000.00), pagmimintena ng Barangay Service Patrol (P10,000.00) at Kaloob at tulong para sa pamilyang nabibilang sa mahihirap (P16,238.04) para sa 20% development fund; SK Uniforms (P5,838.22) at Health Services and Adolescent reproductive programs (P10,000.00) para sa 10% Sangguniang Kabataan, Annual Leave Benefits (P70,960.09), Barangay Assembly (P5,000.00), Electricity Expenses (P50,000.00), Office Supplies Expenses (P7,000.00), Accountable Forms Expenses (P3,000.00) at Military and Police Equipment (P20,000.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral at maituwid ang mga kapunahan ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kautusan sa Paglalaan Blg. 14-T2009 ng Sang. Brgy. ng Santo Angel Norte na nagkakahalaga ng P253,036.35 mula sa Surplus ng taong 2008 na may kabuuang halagang P292,657.01 upang ilaan sa pagpapatuloy ng Feeding Program sa mga batang malnourished (P15,000.00), Mentinansya ng pailaw sa kahabaan ng lansangan (P10,000.00), pagmimintena ng Barangay Service Patrol (P10,000.00) at Kaloob at tulong para sa pamilyang nabibilang sa mahihirap (P16,238.04) para sa 20% development fund; SK Uniforms (P5,838.22) at Health Services and Adolescent reproductive programs (P10,000.00) para sa 10% Sangguniang Kabataan, Annual Leave Benefits (P70,960.09), Barangay Assembly (P5,000.00), Electricity Expenses (P50,000.00), Office Supplies Expenses (P7,000.00), Accountable Forms Expenses (P3,000.00) at Military and Police Equipment (P20,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. Santo Angel Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY**.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan